


7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan - Modyul 7: Bahaging Ginampanan ng Relihiyon sa Aspekto ng Pamumuhay ng mga Asyano



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 7: Bahaging Ginampanan ng Relihiyon sa Aspekto ng Pamumuhay ng mga Asyano

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Michaela G. Doguitom

Editor: Jouilyn O. Agot

Tagasuri: Nimfa V. Alaska

Tagaguhit: Karl Gabriel G. Buenafe

Tagalapat: Liezl O. Arosio, Elizalde L. Piol

Tagapamahala: Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navila

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8634-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 7:

Bahaging Ginampanan ng Relihiyon sa

Aspekto ng Pamumuhay

ng mga Asyano

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang likas na yaman ng mga Asyano ay hitik, ganoon din naman ang mga relihiyong kinabibilangan nito. Hindi kataka- taka na maaring sa Asya isinilang ang mga relihiyon sa daigdig sapagkat iba ang paggalang at pagturing ng mga Asyano kung ang pag-uusapan ay relasyon ng tao at ng lumikha o Diyos.

Ang relihiyon ay nagmula sa salitang Latin na *“re-ligare”* na ang ibig sabihin ay ‘pagbubuklod at pagbabalik-loob’. Ang relihiyon ay naging bahagi na ng buhay ng mga tagasunod at dito na rin nila ibinabatay ang kanilang mga ikinikilos at ginagawa. May kani-kaniyang mga aral, doktrina, at paniniwalang sinusunod.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naiisa-isa ang mga relihiyon sa Timog at Timog-Kanlurang Asya gayundin ang mga aral at doktrina nito;
2. Natutukoy ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba’t ibang aspekto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Timog-Kanlurang Asya; at
3. Nabibigyang halaga ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba’t ibang aspekto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Timog-Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutunan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)


Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag- unlad at pagpapatuloy sa Timog at Timog-Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Natataya ang bahaging ginampanan ng relihiyon sa iba’t ibang aspekto ng pamumuhay **AP7TKA-III-g-1.21**



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Paniniwalang Hindu kung saan ang namatay na katawan ng tao ay isisilang muli sa ibang anyo, paraan, o nilalang.
 - A. Karma
 - B. Polytheism
 - C. Reinkarnasyon
 - D. Veda
2. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng Hinduismo ang sistemang caste na binubuo ng Brahmin, Ksatriyas, Vaishyas, at Sudras. Ano ang nilalaman ng sistemang Caste?
 - A. Pag-uuri ng mga tao sa India batay sa propesyon o tungkulin
 - B. Pag-uuri ng mga tao sa India batay sa kasarian
 - C. Pag-uuri batay sa katayuan at antas ng pamumuhay
 - D. Pag-uuri batay sa edad, kasarian, at kultura
3. Binigyang-diin ng relihiyong Jainismo ang asetismo. Paano ito isinasagawa ng mga tagasunod nito?
 - A. Hindi sila kumakain ng karne ng hayop at anomang may halong dugo
 - B. Pagpapakasakit at mahigpit na penitensiya upang mapaglabanan ang kasakiman ng katawan.
 - C. Mahigpit na pagsunod sa pamamagitan ng pagsamba
 - D. Pagpapakasakit at penitensiya sa pamamagitan ng pagpako sa krus.
4. Ang kaluluwa ay nalilinis at nagiging dalisay sa paggawa ng kabutihan hanggang ito ay makawala sa tanikala ng reinkarnasyon ng katawan at ang kaluluwa ay makakaisa ni Brahman sa habang panahon na estado na tinatawag na Nirvana. Ano ang kailangang gawin upang matulungang makamit ang Nirvana?
 - A. Disiplinahin ang sarili sa pamamagitan ng ayuno
 - B. Disiplinang kailangang buuin sa pamamagitan ng yoga
 - C. Disiplina sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapwa
 - D. Disiplina na kailangang buuin sa pamamagitan ng pagsamba sa Diyos-diyosan
5. Ano ang naging resulta ng sigalot pangrelihiyon ng Hinduismo at Islam?
 - A. Umusbong ang Digmaang Pangrelihiyon
 - B. Pagkakasundo ng mga Hindu at Arabo
 - C. Umusbong ang relihiyong Sikhismo
 - D. Pagkakabuo ng Qur'an
6. Terminolohiyang tumutukoy sa taong isinuko ang luho sa buhay, namumuhay nang payak na mistulang pulubi at naglilinis ng kaluluwa.
 - A. Asetiko
 - B. Hudyo
 - C. Jains
 - D. Muslim

7. Sa Islam, ang kawing ng Risalah ay nagsimula kay Adan, kasama si Noah, Abraham, Ismael, Isaac, Lot, Jacob, Jose, Moises, at Hesus, at nagtapos kay Muhammad bilang panghuling sugo ni Allah sa buong sangkatauhan. Ano ang kahulugan ng Risalah?
- A. Pagkapropeta at Pagkasugo
B. Pagkabayani
C. Pagkabuhay Muli
D. Tagapagtubos
8. Ano ang ibinigay ng Diyos kay Moises sa bundok ng Sainai?
- A. Ang Sampung Utos
B. Apat na Banal na Katotohanan
C. Kaaba
D. Shahada
9. Gaano kahalaga ang Torah sa mga Jew?
- A. Mahalaga ang Torah dahil dito nakasaad ang mga nais ni Yahweh at ito ang pinakasentro ng pag-aaral ng Judaismo
B. Mahalaga ang Torah dahil nagsasaad ito ng mga banal na utos, kasabihan, at paniniwalang Islam
C. Nagsisilbing basehan upang makabawas ng kasalanan
D. Ang Torah ay nagsisilbing gabay upang mahugasan ang kasalanan ng tao at pinakasentro ng pag-aaral ng Kristiyanismo
10. Naniniwala ang Katolisismo sa Santisima Trinidad na may nag-iisang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ito ay nakabatay sa dalawang paniniwala:
- A. Ang pagkilala kay Hesus bilang anak ng Hudyo at paniniwala sa kaniyang muling pagkabuhay.
B. Ang pagkilala kay Hesus bilang anak ng Diyos at paniniwala sa kaniyang muling pagkabuhay.
C. Pag-aantay sa panahon na muling babalik si Hesus na kawangis ng isang ibon at huhusgahan ang mga makasalanan
D. Darating ang panahon na ang lahat ng mabubuti ang gawa at kaisipan ay mabibiyayaan ng magandang buhay at karangyaan sa lupa.
11. Ang mga Hindu ay naniniwala na ang tao ay hindi namamatay kundi nagkakaroon ng reinkarnasyon sa mga sumusunod na generasyon, kung saan ang kaluluwa ay palipat-lipat ng katawan.
- A. Ahimsa
B. Kojiki
C. Nirvana
D. Samsara
12. Sino ang mga taong sumulat ng buhay, turo, at aral ni Hesus?
- A. Abraham
B. Apostoles
C. John the Baptist
D. Evangelista
13. Zoroastriyanismo: _____ ; _____ : Mahavira
- A. Zarathustra; Jainismo
B. Jew; Hesus
C. Judaismo; Guru Nanak
D. Sikhismo; Buddhismo
14. Judaismo: Torah; Islam: _____
- A. Hadith
B. Sunni
C. Surah
D. Qur'an
15. Sidharta Gautama: _____ ; Hesus: _____
- A. Buddhismo; Hinduismo
B. Buddhismo; Kristiyanismo
C. Zoroastriyanismo; Hinduismo
D. Zoroastriyanismo; Kristiyanismo

Aralin

1

Bahaging Ginampanan ng Relihiyon sa Aspekto ng Pamumuhay ng mga Asyano

Natalakay natin sa nakaraang aralin ang kahalagahan ng bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Timog-Kanlurang Asya.


Natatandaan mo ba ang mga ito? Ngayon naman halika na, simulan natin ang bagong aralin at sagutin ang mga gawain.



Balikan

Gawain 1: *Bubble Map*

Panuto: Isulat ang mga salita at pangungusap na kaugnay at tumutukoy sa konsepto ng Nasyonalismo. Kopyahin at isulat sa kwaderno.



Mga Tanong: Kopyahin ang tanong at isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Ano-ano ang bahaging ginampanan ng nasyonalismo sa pagwakas ng imperyalismo sa Timog at Timog-Kanlurang Asya? Ipaliwanag.

2. Gaano kahalaga ang nasyonalismo sa isang bansa? Magbigay ng mga paraan kung papaano ito maipapakita at maisasagawa



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng word web, hularawan, crossword, dugtungan graphic organizer, larawan at repleksiyon, pag-unawa sa teksto atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Ikaw ba ay sabik nang magpatuloy na matuto at madagdagan ang kaalaman sa modyul na ito? Halina't sagutin ang mga gawain at subukang lawakan ang pang-unawa upang magkaroon ng kaalaman at ideya sa layuning nais iparating.

Gawain 1: Hularawan


Panuto: Tukuyin ang relihiyon at tao na nakasaad sa larawan. Isulat ang tamang sagot sa kuwaderno.

A.



IAINSOMJ → _____

B.




TIYASIRKNIMOS →

C.



URUG KANAN →

D.



AISMDUJO →

E.




UDDBHISOM →

F.



TRATHUSARAZ →

G.



LASMI



Suriin

MGA RELIHIYON SA TIMOG ASYA

Hinduismo

Ang pangunahing relihiyon sa India ay Hinduismo. Ang mga Aryan ang unang tribong sumampalataya sa relihiyong ito. Naniniwala sila sa mga diyos na mula sa iba't ibang likha ng kalikasan, subalit ang kanilang paniniwala ay napalitan ng pagsamba kay *Brahma*. *Veda* ang tawag sa banal na kasulatan ng mga Hindu na nagmula pa sa panahon ng mga Aryan. Tinuturo ng *Veda* kung paano magkaroon ng mahaba at mabuting buhay ang tao. Ang indibidwal na pagsamba ginagalang ng Hinduismo; mayroon silang mga altar at pumupunta rin sila sa mga banal na lugar.

Paniniwala ng mga Hindu

Naniniwala ang mga Hindu sa pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga bagay sa kapaligiran na nagdadala ng pagkakaisang espirituwal. Naniniwala sila sa pagmamahal, paggalang, at pagrespeto sa lahat ng mga bagay na may buhay, espiritu o kaluluwa. *Polytheism* ang tawag sa kanilang pagsamba sa iba't ibang uri at anyo ng Diyos. Bahagi ng kanilang paniniwala ang reinkarnasyon na kung saan ang namatay na katawan ng tao ay isisilang muli sa ibang anyo, paraan, o nilalang. Naniniwala rin sila sa *karma*. Ang *karma* ay ang pagkakaroon ng gantimpala kung kabutihan ang ginawa sa kapwa at pagdurusa naman kung di-mabuti ang ginawa sa kapwa. Anoman ang kaniyang antas sa lipunan naniniwala ang mga Hindu na ang tao ay kinakailangang magsikap sa buhay at ito ay dapat na inaalay sa Diyos.

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng Hinduismo ang sistemang *caste* o ang pag-uuri-uri ng mga tao sa India batay sa propesyon o tungkulin. Ang sistemang *caste* ay binubuo ng Brahmin (mga pari at pantas), Kshatriyas (mandirigma), Vaishyas (magsasaka at mangangalakal), at Sudras (mga alipin at manggagawa). Ang "Untouchables" o "Outcastes" naman ay ang tawag sa mga taong di kabilang sa alinmang pangkat at gumagawa ng pinakamababang uri ng gawain.

Ang Hinduismo ay naniniwala na ang tao ay hindi namamatay kundi nagkakaroon ng reinkarnasyon sa mga susunod na henerasyon, kung saan ang kaluluwa ay palipat-lipat ng katawan o "Samsana", dala-dala ang gantimpala o parusa ng nakaraan niyang buhay ayon sa batas ng Karma. Ang kaluluwa ay

nalilinis at nagiging dalisay sa paggawa ng kabutihan hanggang ito ay makawala sa tanikala ng reinkarnasyon ng katawan at ang kaluluwa ay makakaisa ni Brahman sa habang panahon sa estado na tinatawag na Nirvana. Upang matulungang makamit ang Nirvana, may disiplinang kailangang buuin na tinaguriang *yoga*. Liban dito, ang batas ng moral na kaayusan o Dharma ay nararapat ding sundin upang madiskubre ng isang indibidwal ang kanyang sarili.

Buddhismo

Ang Buddhismo ay itinatag ni Siddharta Gautama, isang prinsipe. Isinuko niya ang karangyaan, luho, at masarap na buhay. Iniwang niya ang kanyang pamilya at naglakbay hanggang matuklasan ang kaliwanagan.

Sumibol ang Buddhismo ng mga 2500 taon nang nakakaraan sa India sa panahong ang mga tao ay may malalim ng pagkabagot sa relihiyong Hinduismo dahil sa paglaganap ng sistemang *caste* at lumalaking bilang ng mga *outcastes*. Napanghinaan ng loob at nawalan ang mga tao ng tiwala sa reinkarnasyon. Nakita nila ang kanilang kapalaran bilang isang malungkot at mahabang proseso ng reinkarnasyon na nakawawala ng pag-asa. Marami sa kanila ang tumalikod at nanampalataya sa mga hayop. Taong 563 B.C., sa panahong ito, isinilang si Buddha, anak ng Haring Suddhodhana at Reynang Maya sa kaharian ng Sakyas sa kanlurang India. Pinangalanan nila ng Siddhartha Gautama ang batang magiging si Buddha.

Nakita at napagtanto ni Siddhartha ang kondisyon ng tao, ng sakit, ng pagtanda, at ng kamatayan. Ang gabing iniwan niya ang lahat upang hanapin ang kaliwanagan ay tinaguriang “Gabi ng Dakilang Renunsasyon”. Nagpalaboy-laboy ang prinsipe bilang isang manlilimos na monghe hanggang sa isang araw sa lilim ng isang puno habang nagninilay, ipinangako niya sa sarili na di siya aalis sa lugar na iyon hanggang di niya nakukuha ang kasagutan at ang karunungan kanyang inaasam. Nagpatuloy si Siddhartha sa kanyang meditasyon hanggang sa maunawaan niya ang unang batas ng buhay na mula sa mabuti, kailangang magmula sa mabuti, at sa masama ay kailangang magmula ang masama. Napagtanto niyang ito ang susi sa karunungan. Nagtungo si Siddhartha Gautama sa lalawigan ng Banares, nangalap ng mga monghe at tagasunod at nangaral ng una niyang sermon na tinaguriang “Ang sermon sa Banares”.

Apat na Dakilang Katotohanan ng Buddhismo

- Pagnanasa ang sanhi ng pagdurusa.
- Mawawala lamang ang pagdurusa kung aalisin ang pagnanasa.
- Maaalis ang pagnanasa kung susunod sa walong landas at matatamo ang tunay na kaligayahan o nirvana.

Walong Dakilang Daan

1. Tamang Pag-iisip
2. Tamang Aspirasyon
3. Tamang Pananaw
4. Tamang Intensiyon
5. Tamang Pagsasalita
6. Tamang Pagkilos
7. Tamang Hanapbuhay
8. Tamang Pagkaunawa

Jainismo

Isa sa mga relihiyon sa India ang Jainismo. Ayon sa Veda, ito ay itinatag ni Rsabha, subalit ang naging pinakapinuno ng Jainismo ay si Prinsipe Vardhamana o

Mahavira na tinaguriang "Ang dakilang bayani". Tinalikuran niya ang lahat ng kaniyang kayamanan at kapangyarihan at naging asetiko katulad din ni Buddha.

Mga Doktrina ng Jainismo

Ang bawat tao ay may layunin na makalaya ang kaluluwa sa pagkabuhay, pagkamatay, at muling pagkabuhay. Ito ay siklo na dapat maranasan ng lahat ng tao. Binibigyang-diin din ng Jainismo ang asetismo o pagpapakasakit at mahigpit na penitensya upang mapaglaban ang kasakiman ng katawan.

Naniniwala si Mahavira sa AHIMSA (*non-violence*) o ang kawalan ng pananakit na nagbibigay dangal sa buhay. Itinuro rin niya na ang kaluluwa ay nalilinis at nagiging magaan kapag sumusunod ito sa banal na batas ng buhay.

Itinuro ni Mahavira ang doktrina sa mga tao ng tatlumpong taon. Matapos mamatay si Mahavira, ang mga disipulo niya ay inipon ang kanyang sermon sa apatnaput-anim na libro na tinawag na *agamas* at ito ang naging banal na aklat ng Jainismo.

Ang nirvana ayon sa mga Jains ay makakamit sa pamamagitan ng tatlong hiyas ng kaluluwa. Ang mga ito ay ang tamang kumbiksyon, tamang karunungan, at tamang pag-uugali. Ang turo ni Mahavira ay hindi nagkaroon ng ugat sa labas ng India. Kahit sa India, hindi ito naging matagumpay at sa ngayon ay papaunti na ang mga tagasunod nito. May natitira na lamang sa India ng mahigit kumulang isa't kalahating milyong Jains sa kasalukuyan.

Sikhismo

Umusbong ang relihiyong Sikhismo sa panahon ng hindi pagkakaunawaang panrelihiyon ng Hinduismo at Islam. Naging bunga nito ang pagbuo ng isang relihiyon na may pagkakapatiran. Hindu man o Muslim lahat ay dapat magkakasama at magkakapatid.

Itinatag ang Sikhismo ng unang guru na si Baba Nanak na higit na kilala sa pangalang Guru Nanak.

Mga Paniniwala ng Sikhismo

Ang mga tagasunod ng Sikhismo ay naniniwala sa reinkarnasyon at sa pag-akyat ng mga kaluluwa mula sa mababang antas pataas. Kailangang masagip ang mga tao; kung hindi, sila ay patuloy na makararanas ng muli't muling pagsilang. Ang Nirvana ng mga Sikh ay makakamtan sa pagsama ng indibidwal sa kaniyang lumikha sa kabilang buhay.

Sa Sikhismo, ang pangunahing nais ng tao ay ang sirain ang siklo ng kapanganakan at kamatayan at makiisa sa Diyos. Ito ay magagawa sa paraan ng pagsunod sa mga turo ng guru, meditasyon, at pagseserbisyo o pagkakawanggawa. Maliligtas ang tao kung masusupil o mapaglalaman ang Limang Pangunahing Bisyo (Five Cardinal Vices) - pagnanasang pansekswal, galit, kasakiman, pagkamakamundo, at kahambugan.

MGA RELIHIYON SA TIMOG-KANLURANG ASYA

Judaismo

Ang Judaismo ay relihiyon ng mga Jew o Israelite, isa sa pinakamatandang relihiyon sa daigdig. Ito ay monoteistikong relihiyon na ang ibig sabihin ay ang paniniwala sa isang Diyos at tagalikha, si Yahweh. Ang mga nais ni Yahweh ay nakasaad sa Torah, ang pinakasentro ng pag-aaral ng Judaismo. Ang Torah na nangangahulugang “batas at aral” ay naglalaman ng limang aklat ni Moses: ang *Genesis*, *Exodus*, *Leviticus*, *Numbers*, at *Deuteronomy*.

Maraming naging patriarka ang mga *Jew*, kasama na rito sina Abraham, Isaac, at Jacob, ngunit ang pinakadakilang pinuno ay si Moses.

Ang Sampung Utos na gabay ng mga Hudyo sa wastong pagkilos at pamumuhay:

1. Ibigin mo nang lubos ang Diyos nang higit sa lahat.
2. Huwag kang sasamba sa mga diyos-diyosan.
3. Ipangilin mo ang araw ng Sabbath.
4. Igalang mo ang iyong ama at ina.
5. Huwag kang papatay.
6. Huwag kang makikiapid sa hindi mo asawa.
7. Huwag kang magnanakaw.
8. Huwag kang magbibintang at huwag kang magsisinungaling.
9. Huwag kang magnanasa sa hindi mo pag-aari.
10. Huwag kang magnanasa sa hindi mo asawa.

Kristiyanismo

Pinakamalaking bilang ang Kristiyanismo sa lahat ng mga relihiyon sa mundo ayon sa dami ng mga tagasunod, naniniwala at kasapi nito. Relihiyong batay sa buhay at turo ni Kristo Hesus. Nagmula ang Kristiyanismo sa relihiyong Judaismo. Si Kristo Hesus ang ipinangakong Mesiyas at manunubos. Siya ang tagapagligtas na ipinadala upang iligtas ang sanlibutan. Ayon kay Kristo Hesus, mahal ng Diyos Ama ang lahat ng taong tatanggap at mananampalataya ng tunay at lubos sa Kanya.

Ang Katolisismo ang pangunahing bumubuo sa Kristiyanismo na pinagtibay ng Simbahang Katolika. Naniniwala sa Santisima Trinidad na may nag-iisang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ito ay nakabatay sa dalawang paniniwala: Ang pagkilala kay Hesus bilang anak ng Diyos at paniniwala sa kaniyang muling pagkabuhay. Bahagi ng paniniwalang katolisismo ang pagsunod sa Pitong Sakramento at pagsasabuhay ng Sampung Utos ng Diyos at mga kautusan ng simbahan na nagmumula sa Santo Papa sa *Rome*. Ang Santo Papa sa *Rome* ang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katolika.

Bibliya ang banal na aklat ng mga Kristiyano na nahahati sa dalawang aklat, ang Lumang Tipan at ang bagong Tipan. Si Hesukristo ay ipinanganak sa Bethlehem. Namulat at lumaki bilang isang *Jew*. Sa edad na 30 sinimulan ni Hesus ang pagpapahayag at pagpapalaganap ng mabuting balita ng Diyos.

Maraming naniwala, nakinig, at sumunod sa kanyang mga tinuran subalit may mga iilang *Jew* o Hudyo ay taliwas at hindi nais sundin kahit mapakinggan manlamang ang kanyang mga turo at gawain. Sa kadahilanang ito siya ay ipinahuli, pinahirapan, ipinako sa krus, at namatay. Matapos ang tatlong araw, muli siyang nabuhay at umakyat sa Diyos Ama sa langit.

Islam

Ang 'Islam' ay salitang Arabic na nanggaling sa salitang ugat na 'Aslama', na nangangahulugan ng "kapayapaan, kusang pagsuko sa kalooban ni Allah at pagsunod sa Kanyang mga kautusan". 'Allah' ay ang pangalang pantangi ng tunay na Diyos na ginagamit ng mga Muslim. Ang isang taong malaya at tinatanggap niya ng may kabatiran ang Islamikong pamamaraan ng buhay at taos-pusong isinasabuhay ito ay tinatawag na 'Muslim'.

Mga Paniniwala at Aral ng Islam

Ang Qur'an ay ang panghuling Aklat ng patnubay mula kay Allah, na ipinahayag kay Propeta Muhammad. Ang tunay at matapat na Muslim ay naniniwala sa iisang Diyos na tinatawag na Allah. Simula ng nilikha ang unang tao, si Allah ay nagpahayag ng Kanyang patnubay sa sangkatauhan sa pagpapadala ng mga propeta, na lahat sila ay nag-aanyaya na maniwala sa Isang Diyos. Ang mga propetang tumanggap ng mga aklat mula kay Allah ay tinawag na mga sugo. Sa tuwing ang mga aral ng propeta ay nasira ng mga tao si Allah ay nagpapadala ng panibagong propeta upang ibalik ang sangkatauhan sa Tuwid na Landas. Ang kawing ng Risalah (nangangahulugan ng Pagkapropeta at Pagkasugo) ay nagsimula kay Adan, kasama si Noah, Abraham, Ismael, Isaac, Lot, Jacob, Jose, Moises, Hesus, at nagtapos kay Muhammad bilang panghuling sugo ni Allah sa buong sangkatauhan.

Limang Haligi ng Islam

1. Shahadah [Pagsaksi at Pagpapahayag ng Pananampalataya]
2. Salah [Tungkuling Pagdarasal]
3. Zakat [Itinakdang Kawanggawa]
4. Sawm [Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan]
5. Hajj [Paglalakbay sa Makkah]

Zoroastrianismo

Kabilang ang Zoroastriyanismo sa isa sa pinakamatandang relihiyon sa daigdig. Itinatag ito ni Zarathustra na kilala rin sa ngalan na Zoroaster sa bansang Greece o Zarathosht sa bansang India at Iran. Turo ng propetang si Zoroaster na ang Diyos ay si Ahura Mazda, tagapaglikha at tagapagtaguyod ng daigdig. Zend Avesta ang banal na aklat o sulatin ng Zoroastrianismo.

Naniniwala ang Zoroastriyanismo na ang daigdig ay may dalawang pwersa na naglalaban, ang mabuti at masamang pag-iisip. Ayon sa relihiyong ito ang buhay sa daigdig ay pagtahak patungo sa kabutihan o kasamaan. Pinamumunuan ang kabutihan ni Ahura Mazda, ang kataas- taasang diyos; samantalang ang kasamaan ay pinanangasiwaan ni Ahriman, ang diyablong espiritu o kilala rin sa tawag na Angra Mainyu

Malalabanan ang kasamaan sa paggawa ng kabutihan at tanging pagpapalaganap ng liwanag ang makakawakas sa kadiliman. Pag-ibig, ang makaaalis ng galit, hidwaan, at bangayan. Kabutihan ang mananaig sa huling yugto ng mundo.


(Pinagkunan: Rosemarie C. Blando et al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Pasig City: Department of Education. 2014, 155-159.)

(Pinagkunan: *Britannica Encyclopedia of World Religions*, Encyclopedia Britannica, Inc., 2006, 12,439,459.)

(Pinagkunan: "Ease Module 14: *Ang Mundo Ng Kabanalan Sa Asya*." Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City. 5 September, 2014, 14-24.)

Pamprosesong Tanong: Kopyahin ang mga tanong at isulat sa kuwaderno ang tamang sagot.


1. Batay sa mga relihiyong nailatag, anong relihiyon ang iyong kinabibilangan?
2. Ano-ano ang doktrina, aral, at mahahalagang kautusan ang kahalintulad na mayroon sa relihiyong iyong kinabibilangan? Ipaliwanag.
3. Paano nakaaapekto at nakatutulong sa mga Asyano ang pagsasabuhay ng mga doktrina, aral, at kautusan ng bawat relihiyon? Ipaliwanag.
4. Paano nakaimpluwensiya ang mga relihiyon sa aspekto ng pamumuhay ng mga Asyano sa Timog at Kanlurang Asya?
5. Paano mo pinili ang kasalukuyang relihiyon na iyong pinaniniwalaan at kinabibilangan? Ipaliwanag.



Pagyamanin

Gawain 1: Crossword

Panuto: Punan ng tamang sagot. Isulat sa kuwaderno ang tamang sagot.



PAHALANG

1. Itinatag ni Mahavira
3. Pinakamatandang Relihiyon
6. Pangunahing relihiyon sa India
8. Itinatag ni Hesu-Kristo
9. Batas at Aral

PABABA

2. Relihiyon ng Muslim
4. Taong di kabilang sa alinmang pangkat
5. Itinatag ni Zarathustra
7. Itinatag ni Sidharta Gautama
10. Kapayapaan

Gawain 2: Isulat ang titik **T** kung TAMA ang pahayag at titik **M** naman kung MALI ang isinasaad sa pangungusap. Isulat sa kuwaderno ang tamang sagot.

1. Ang outcast ay mga taong kabilang sa pinakamataas na pangkat ng mamamayan sa lipunan.
2. Si Abraham ang kinikilalang tagapagtatag ng Kristiyanismo.
3. Ang mga Hindu ang sumasamba sa iba't ibang uri at anyo ng diyos na tinatawag na *polytheism*.
4. Ang Zoroastrianismo ay itinatag ni Guro Nanak.
5. Ang paniniwala ng mga Hudyo sa iisang Diyos ay tinatawag na monotheism.

Gawain 3: Sumulat ng limang pakinabang at kahalagahan ng relihiyon sa mga Asyano. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____




Isaisip

Gawain: Dugtungan

Panuto: Kopyahin at isulat ang karugtong na mensahe sa kuwaderno.

<p>“Ang lahat ng nangyayari at kinahihinatnan ng buhay ng tao ay naayon sa plano ng Diyos.” Para sa akin, ang mensahe nito ay _____</p>
<p>“May Utos ang Diyos at Batas ang Tao.” Para sa akin _____</p>
<p>“Ang nararanasan nating hinagpis sa buhay ay bunga ng mga maling aksiyon natin sa nakaraan.” Para sa akin, ang mensahe nito ay _____</p>
<p>“Nasa Diyos ang awa nasa tao ang gawa.” Para sa akin, ang mensahe nito ay _____</p>



Isagawa

Gawain: Larawan Repleksyon

Panuto: Isulat sa kuwaderno ang mensahe.



Ang mensahe ng larawan ay _____




Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na tanong at piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.


1. Paniniwalang Hindu kung saan ang namatay na katawan ng tao ay isisilang muli sa ibang anyo, paraan, o nilalang.
 - A. Karma
 - B. Polytheism
 - C. Reinkarnasyon
 - D. Veda
2. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng Hinduismo ang sistemang caste na binubuo Brahmin, Ksatriyas, Vaishyas, at Sudras. Ano ang nilalaman ng sistemang Caste?
 - A. Pag-uuri ng mga tao sa India batay sa propesyon o tungkulin
 - B. Pag-uuri ng mga tao sa India batay sa kasarian
 - C. Pag-uuri batay sa katayuan at antas ng pamumuhay
 - D. Pag-uuri batay sa edad, kasarian, at kultura
3. Binigyang-diin ng relihiyong Jainismo ang asetismo. Paano ito isinasagawa ng mga tagasunod nito?
 - A. Hindi sila kumakain ng karne ng hayop at anomang may halong dugo
 - B. Pagpapakasakit at mahigpit na penitensiya upang mapaglabanan ang kasakiman ng katawan.
 - C. Mahigpit na pagsunod sa pamamagitan ng pagsamba
 - D. Pagpapakasakit at penitensiya sa pamamagitan ng pagpapako sa krus.
4. Ang kaluluwa ay nalilinis at nagiging dalisay sa paggawa ng kabutihan hanggang ito ay makawala sa tanikala ng reinkarnasyon ng katawan at ang kaluluwa ay makakaisa ni Brahman sa habang panahon na estado na tinatawag na Nirvana. Ano ang kailangang gawin upang matulungang makamit ang Nirvana?
 - A. Disiplinahin ang sarili sa pamamagitan ng ayuno
 - B. Disiplinang kailangang buuin sa pamamagitan ng yoga
 - C. Disiplina sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti sa kapwa
 - D. Disiplina na kailangang buuin sa pamamagitan ng pagsamba sa diyos-diyosan
5. Ano ang naging resulta ng sigalot pangrelihiyon ng Hinduismo at Islam?
 - A. Umusbong ang Digmaang Pangrelihiyon
 - B. Pagkakasundo ng mga Hindu at Arabo
 - C. Umusbong ang relihiyong Sikhismo
 - D. Pagkakabuo ng Qur'an
6. Terminolohiyang tumutukoy sa taong isinuko ang luho sa buhay, namumuhay nang payak na mistulang pulubi at naglilinis ng kaluluwa.
 - A. Asetiko
 - B. Hudyo
 - C. Jains
 - D. Muslim


7. Sa Islam, ang kawing ng Risalah ay nagsimula kay Adan, kasama si Noah, Abraham, Ismael, Isaac, Lot, Jacob, Jose, Moises, at Hesus, at nagtapos kay Muhammad bilang panghuling sugo ni Allah sa buong sangkatauhan. Ano ang kahulugan ng Risalah?
- A. Pagkapropeta at Pagkasugo
B. Pagkabayani
C. Pagkabuhay Muli
D. Tagapagtubos
8. Ano ang ibinigay ng Diyos kay Moises sa bundok ng Sainai?
- A. Ang Sampung Utos
B. Apat na Banal na Katotohanan
C. Kaaba
D. Shahada
9. Gaano kahalaga ang Torah sa mga Jew?
- A. Mahalaga ang Torah dahil dito nakasaad ang mga nais ni Yahweh at ito ang pinakasentro ng pag-aaral ng Judaismo
B. Mahalaga ang Torah dahil nagsasaad ito ng mga banal na utos, kasabihan, at paniniwalang Islam
C. Nagsisilbing basehan upang makabawas ng kasalanan
D. Ang Torah ay nagsisilbing gabay upang mahugasan ang kasalanan ng tao at pinakasentro ng pag-aaral ng Kristiyanismo
10. Naniniwala ang Katolisismo sa Santisima Trinidad na may nag-iisang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ito ay nakabatay sa dalawang paniniwala:
- A. Ang pagkilala kay Hesus bilang anak ng Hudyo at paniniwala sa kaniyang muling pagkabuhay.
B. Ang pagkilala kay Hesus bilang anak ng Diyos at paniniwala sa kaniyang muling pagkabuhay.
C. Pag-aantay sa panahon na muling babalik si Hesus na kawangis ng isang ibon at huhusgahan ang mga makasalanan
D. Darating ang panahon na ang lahat ng mabubuti ang gawa at kaisipan ay mabibiyayaan ng magandang buhay at karangyaan sa lupa.
11. Ang mga Hindu ay naniniwala na ang tao ay hindi namamatay kundi nagkakaroon ng reinkarnasyon sa mga sumusunod na generasyon, kung saan ang kaluluwa ay palipat-lipat ng katawan.
- A. Ahimsa
B. Kojiki
C. Nirvana
D. Samsara
12. Sino ang mga taong sumulat ng buhay, turo, at aral ni Hesus?
- A. Abraham
B. Apostoles
C. John the Baptist
D. Evangelista
13. Zoroastriyanismo: _____; _____: Mahavira
- A. Zarathustra; Jainismo
B. Jew; Hesus
C. Judaismo; Guru Nanak
D. Sikhismo; Buddhismo
14. Judaismo: Torah; Islam: _____
- A. Hadith
B. Sunni
C. Surah
D. Qur'an
15. Sidharta Gautama: _____; Hesus: _____
- A. Buddhismo; Hinduismo
B. Buddhismo; Kristiyanismo
C. Zoroastriyanismo; Hinduismo
D. Zoroastriyanismo; Kristiyanismo



Karagdagang Gawain

Gawain 1: Punan ng kaugnay na sagot ang *graphic organizer*. Iguhit at sagutan sa kuwaderno.





Susi sa Pagwawasto

Subukin at Tayahin
11. D
12. D
13. A
14. D
15. B
1. C
2. A
3. B
4. B
5. C
6. A
7. A
8. A
9. A
10. B

Tuklasin
Gawain 1: Hularawan
a. Buddhismo
b. Jainismo
c. Guru Nanak o Sikhismo
d. Judaismo
e. Islam
f. Zoroastro /
Zoroastrianismo
g. Kristiyanismo

Pagymamanin
Gawain 1: Crossword
1. Jainismo
2. Islam
3. Judaismo
4. Outcastes
5. Zoroastrianismo
6. Hinduismo
7. Buddhismo
8. Kristiyanismo
9. Torah
10. Aslama
Gawain 2
1. M
2. M
3. T
4. M
5. T

Sanggunian

Aklat

Blando, Rosemarie C., Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu, Erna C. Golveque, August M. Jamora, Regina R. Capua, Armi S. Victor, Sandra I. Balgos, Allan F. Del Rosario, at Randy R. Mariano. *Asya: "Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba". Araling Panlipunan Modyul para sa mga Mag-aaral*. Pasig City: Department of Education, 2014.

"Britannica Encyclopedia of World Religions". Encyclopedia Britannica, Inc., 2006

Modyul

"Ease Module 14: Ang Mundo Ng Kabanalan Sa Asya." Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City. 5 September, 2

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph